
Ang Misyonerong si Jaewon Lee, ang asawa niyang si Misyonerang Soonok Lee, at ang tatlong anak nila

# "Dahil Kasama Ko ang Makapangyarihang Pagkilos ng Diyos, Nagiging Madali ang Pagmimisyon Ko!"

**Misyonerong Jaewon Lee** (Chiang Rai Manmin Church, Thailand)

Noong Disyembre 1997, nagtrabaho ako bilang tagasanay ng mga tagapagturo at mga tinuturuan sa Daehan Investment Trust. Sinabi sa akin ng isa sa kanila, "Naiproklama na ang salita ng buhay at ang mga pagpapagaling ay nangyari na sa Manmin Central Church."

Pagkatapos, dumalo ako at ang aking asawa sa Magdamag na Pagsamba Tuwing Biyernes ng Manmin Central Church. Tumanggap ng pananalangin ni Dr. Jaerock Lee ang asawa ko para sa mga may sakit pagkapakinig ng mensahe niya. Dahil sa panalangin, gumaling ang pananakit na dulot ng panganganak niya.

Gumaling din ang chronic herniated lumbar disc (sakit na hindi gumagaling sa bandang ibaba ng gulugod) ko pagkatapos ipanalangin noong Mayo 1998. Sa pamamagitan ng mga sermon ni Dr. Lee, tulad ng pag-aaral sa aklat ng Genesis o Apocalipsis, namumuhay na ako ngayon ng isang tunay na masayang buhay Cristiano. Nauunawaan ko na ang malalalim na kahulugan ng mga talata sa Biblia na mahirap maintindihan dati. Nakita ko rin ang hindi mabilang na mga tanda, mga himala, at mga makapangyarihang gawain.

### Naatasan bilang isang misyonero para sa mga taga-Thailand

Noong 2007, narinig ko ang patotoo ng isang mananampalatayang taga-Thailand na nagsabing tumanggap siya ng maraming pagpapala dahil sa GCN (Global Christian Network). Pakiramdam ko ay umaapoy ang puso ko dahil interesado ako sa ministeryo sa Thailand kaya sinimulan ko nang palakasin ang sarili ko sa ebanghelyo ng kabanalan at pananalangin.

Noong 2009, nakibahagi ako sa 'vision trip' ng MMTC (Manmin Missionary Training Center). Pagkatapos, hiniling kong makapaglingkod bilang misyonero sa Thailand. Sa wakas ay naatasan akong tumulong sa ministeryo sa Chai Prakan Manmin Church, ang unang sangay na iglesya ng Manmin Central Church sa Thailand. Nakakilala ako ng mga pastor at 'revivalist' doon, at nagkaroon ng maraming katuwang na mga iglesya.

### Nagtatatag ng matibay na pundasyon para sa gawaing pang-misyon sa pamamagitan ng 'Power of God VI' DVD, *Balitang Manmin*, at GCN

Ang DVD na pinamagatang 'Power of God VI', *Balitang Manmin,* at mga programa sa GCN ang nagpatatag ng matibay na pundasyon para sa ministeryo ko. Marami na akong nabisitang mga iglesya kung saan nagpapalabas ako sa dala kong laptop computer at projector ng video ng 'Power of God VI'. Naglathala din ako ng *Balitang Manmin* sa wikang Thai at ipinadala ito sa lahat ng mga iglesya dito. Dahil dito, nakatanggap ako ng maraming tawag sa telepono mula sa mga pastor doon. Nakilala ko si Pastor Nongnuk (Eden Gold Church). Ang ministeryong kasama siya ay nagsilbing simula ng mas malalaking gawaing pang-misyon.

Noong Nobyembre 2010, pinangunahan ni Pastor Sungchil Lee (Pangalawang Pastor ng Manmin Central Church) ang pagtitipon na may panyong nakakapagpagaling (Ang Mga Gawa 19:11-12). Dahil sa pagtitipong ito, maraming mga iglesya ang nagpalista bilang mga sangay na iglesya ng Manmin Central Church. Nagpakabit ng GCN satellite receiver si Pastor Nongnuk sa bahay niya pagkatapos niyang ipalista ang iglesya niya bilang sangay ng Manmin. Magmula noon, araw-araw siyang nasisiyahan sa mga papuri, sermon, at mga patotoo sa mga programa dito. Naging masagana ang bunga niya dahil sa tulong ng Banal na Espiritu sa Pulong Panalanging Daniel kahit hindi siya nakakaintindi ng salitang Koreano.

Muling nabuhay ang Kapatid na Rosarine na taga-Hilagang Thailand. Nabingit siya sa kamatayan dahil nalason ang dugo niya. Tinawag siya ni Pastor Nongnuk para mapakinggan ang panalangin ni Dr. Lee para sa maysakit na isinasahimpapawid ng GCN. Kahit na ang mga programa ng GCN ay sa wikang Ingles at Koreano lang, ang mga pagpapagaling ay nangyayari pa din.

### Pagkatapos ng Pananambahan ng Pagkakatatag ng Chiang Rai Manmin Church

Noong Pebrero 2011, pinangunahan ni Pastor Sungchil Lee ang Chiang Dao Handkerchief Healing Meeting (Pagtitipon na may Panyong Nakakapagpagaling sa Chiang Dao). Apat na tribo mula sa pitong bayan ang dumalo. Sa tulong ng gobiyerno ng Thailand, ito ay isang napakalaking tagumpay na nakamit ng mga Cristianong tulad ko dahil nasa bansang Buddhist kami. Naipakita dito ang mga kamangha-manghang makapangyarihang gawain kung saan pati ang mga hindi mananampalataya ay napagaling. Dahil sa mga nangyari, nagdesisyon kaming magsimula ng sangay na iglesya ng Manmin doon.

Noong Pebrero 12, 2011, inialay na namin ang pananambahan ng pagkakatatag ng Chiang Rai Manmin Church. Dumalo ang mga pastor ng kalapit na mga bansa tulad ng Myanmar at Laos, kaya napakaraming bisita ang nagsiksikan. Dumalo rin ang pangulo ng Faith Vision, organisasyong pangmisyon na nagsanay sa mga pastor ng Laos. Nakilala niya kami pagkatapos tumanggap ng pagpapala sa *Balitang Manmin*. Sa tulong niya, nagdaos kami ng Seminar para sa mga Pastor sa Laos, na naging okasyon para magkapagbukas ng misyon doon.

May isang mamamahayag ang dumalo din sa pananambahan ng pagkakatatag. Binigyan ko siya ng kopya ng libro ni Dr. Lee na *Ang Mensahe ng Krus*. Pagkabasa niya nito, sinabi niyang namangha siya, "Nasisiguro kong ang Chiang Rai Manmin Church ang magiging pinakamabuting halimbawa sa mga iglesya sa Thailand dahil nasa kanila ang salita ng buhay at ang kapangyarihan ng Diyos."

Tinulungan pa niya kami sa ministeryo namin sa pamamagitan ng istasyon niya sa radyo. Siya ay nagtatrabaho para sa CRU Radio na sakop ang hangganan ng Myanmar at Laos pati na ang Chiang Rai. Isinasahimpapawid tuwing Sabado ang sermon ni Dr. Lee na '*Ang Mensahe ng Krus*', Manmin Praise, at panalangin para sa mga may karamdaman.

### Magmula nang itala bilang korporasyon ang Manmin Mission Center

Noong Mayo 2011, nanguna kami sa isang pagtitipon sa Juvenile Detention Center (piitan para sa mga batang nagkasala) sa Bangkok. Sina Pastor Taesik Gil at ang kanyang grupong pang-misyon ay papunta sa mga pulong na gagawin sa Pakistan at Sri Lanka, at pansamantalang dumaan sa Bangkok. Naging magandang pagkakataon ito para sa lahat dahil si Pastor Gil ang naghatid ng mensahe at ang grupo ng pagtatanghal ay nagbigay ng mga espesyal na bilang.

Ang Juvenile Detention Center ay nagbigay ng positibong tulong sa pulong. Dumalo din ang Gobernador ng Juvenile Prison ng Ministry of Justice (Kagawaran ng Katarungan), mga pulitiko, at mga miyembro ng komite para sa rehabilitasyon o pagpapanibagong buhay. Matagumpay at naging mabunga ang pagpupulong.

Naging isang magandang pagkakataon ito para sa akin na ipakilala ang ministeryo ni Dr. Lee sa mga matataas na opisyal sa Ministry of Justice ng Thailand. Ipinakita ko sa kanila ang video tungkol sa pagtanggap ni Rev. Dr. Jaerock Lee ng President's Volunteer Service Award mula sa Pangulo ng Estados Unidos Barack Obama, na nagpahanga sa kanila. Hinirang kaming mag-asawa bilang mga miyembro ng rehabilitation center ng Ministry of Justice dahil kinilala nila ang pagtulong namin.

Higit pa riyan, natapos nang maayos ang lahat ng may kinalaman sa pagsasaayos bilang isang korporasyon ng mission center. Kadalasan tumatagal ito ng isang taon, pero inabot lang ng tatlong buwan. Dahil dito, nagkaroon kami ng pinanghahawakan para sa isa pang pagsulong sa mga gawaing pang misyon. Hallelujah!

## Nagising muli ang isang naka-coma o walang malay dahil sa panalanging may panyo



Dinala sa ospital ng Chiang Rai, Thailand ang Kapatid na Lotchana Poongsook na naka-coma o walang malay dahil sa isang aksidente sa trapiko sa Myanmar. Ibinalita kay Misyonerong Jaewon Lee ang tungkol sa kanya sa telepono. Sampung araw na siyang walang malay nang ipanalangin siya gamit ang panyong makapangyarihan. Katulad ng nakasulat sa Ang Mga Gawa 19:11-12, nagising siya at hinawakan ang kamay ng pastor, nakapagsalita at nakakilos.

## Naganap ang Pagbahagi ng Ebanghelyo sa Pamilya dahil sa librong *Ang Mensahe ng Krus* ni Dr. Lee



Nagbago dahil sa libro ni Dr. Lee na *Ang Mensahe ng Krus* si Sister Wirai Prita na matagal nang nagpoproblema at halos magpakamatay na. Kahit ang asawa niya na masigasig na sumasamba sa mga diyus-diyosan ay tumanggap sa Panginoon at itinapon nang sabay-sabay ang 1,500 na mga diyus-diyosan. Magmula noon, tumatanggap na sila ng masaganang mga biyaya.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

Balitang Manmin
NO. 47 OKTUBRE 2, 2011

# Nagbukas sa Asya Ang Maalab na Pagkilos ng Banal na Espiritu!

Mahigit sa kalahati ng populasyon sa mundo, na umaabot sa 7 bilyon, ay nasa Asya. Ito ay binubuo ng apat na pangunahing relihiyon: Buddhism, Cristianismo, Hindu at Islam!

Ang bunga ng ebanghelyo ng kabanalan ay resulta ng ministeryo ng Manmin sa Asya. Noong Setyembre 6, 2011, isang pagtitipon na may panyong nakakapagpagaling ang isinagawa sa East Java, Nepal kasama si Pastora Grace Lee. Marami sa mga taong dumalo ang gumaling sa iba't ibang karamdaman nang tumanggap ng panalanging gamit ang panyo na ipinanalangin ni Rev. Dr. Jaerock Lee. Sila ay nagbigay luwalhati sa Diyos. (Ang Mga Gawa 19:11-12).

Noong Setyembre 16 at sa mga sumunod na araw, idinaos ang mga pagtitipon na may panyong nakakapagpagaling kasama si Pastora Heesun Lee sa Osaka, Maizuru, Kyoto, at Nagoya sa Japan. At noong Setyembre 8 at 9, nagkaroon ng Seminar para sa mga Katuwang na Pastor ang Manmin Mission Center sa Delhi. Pinangunahan ito nina Pastor Joseph Han at John Kim. Ito ay naging daan para makilala ang ministeryo ng Manmin ng mga pastor na mula pa sa labing-anim na estado ng India at Bangladesh.

Ang ebanghelyo ng kabanalan at ang kapangyarihan ng Diyos ay naikalat na sa buong Asya dahil sa pagsasahimpapawid sa TV tulad ng THAICOM5, NSS6 satellite, cable TV ng Pilipinas, Arul Vakku GCN TV ng India, at Isaac TV ng Pakistan. Gayundin sa paglalathala sa iba't ibang wika at pamamahagi ng *Balitang Manmin* at mga libro ni Dr. Jaerock Lee.

Ang apat sa mga krusada ng pagkakaisa ni Dr. Jaerock Lee ang nagsulong sa aktibong ministeryo: ang Pulong ng Himala sa Japan-Nagoya ng 2000 (Japan-Nagoya Miracle Convention), ang Krusada ng Pagkakaisa sa Pakistan ng 2000 (Pakistan United Crusade), ang Krusada ng Pagkakaisa sa Pilipinas ng 2001 (Philippine United Crusade) at ang Pulong ng Himala at Panalangin sa India ng 2002 (India Miracle Healing Prayer Festival).

Ang krusadang Miracle Healing Prayer Festival sa Chennai, India noong 2002 na idinaos sa Marina Beach (Dalampasigan ng Marina) ay dinaluhan ng mahigit sa 3 milyong tao. Kahanga-hangang mga pangyayari ang naganap sa krusadang ito: nakakita ang mga bulag, nakarinig ang mga bingi, itinapon ng mga lumpo ang mga saklay at mga silyang may gulong nila at nakalakad sila. May ilang taong gumaling sa AIDS. Hindi mabilang ang mga taong naging Cristiano. Ito ay isinahimpapawid sa buong India at kalapit na mga bansa.



Ang Pulong ng Himala at Panalangin sa India ng 2002 ni Rev. Dr. Jaerock Lee ay nakatipon ng mahigit sa tatlong milyong tao

# Ang Pinagmulan

"Sa simula ay ang Salita, at ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos." (Juan 1:1).

Maraming tao ngayon ang nagsisikap matamo ang mga bagay na walang kabuluhan at naliligaw sila sa mundo. Hindi nila kilala ang tunay na Diyos na namamahala sa buong sansinukob at maykapangyarihan sa lahat ng bagay sa Lupa. Namumuhay sila sa paraang gusto nila dahil hindi nila batid ang pinagmulan nila, kung bakit nabubuhay sila sa Lupa, at kung ano ang dahilan ng buhay nila. Tulad ng puno na walang ugat, walang magagawa ang isang taong hindi batid ang pinagmulan niya kundi mamuhay ng walang saysay.

Gayon pa man, ang mga nakakabatid ng pinagmulan ng Diyos na may Tatlong Persona at kung bakit at paano nabubuhay ang mga tao ay maaaring maniwala sa Diyos at tuparin ang tungkulin nila.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

### 1. Ang pinagmulan ng Diyos

Tinatalakay sa Juan 1:1 ang tungkol sa Diyos sa pasimula, kung anong Pinagmulan ng Diyos. Ang tinutukoy ng 'simula' dito ay ang panahong nabuhay ang Diyos na Manlilikha nang nag-iisa sa buong sansinukob. Ang 'sansinukob' ay hindi ang kalawakang batid ng limitadong isipan natin. Saklaw ng sansinukob ang simula, ang kalawakang higit na malaki sa lugar na tinitirhan natin at lumalampas pa sa ating imahinasyon. Nabuhay nang nag-iisa doon ang Diyos na Manlilikha bago pa ang walang hanggan.

Pero bakit sinasabi sa Biblia "Sa pasimula ay ang Salita" sa halip na "Sa pasimula ay ang Diyos"? Ito'y dahil hindi Siya nabuhay sa anyo Niya ngayon. Sa pasimula, nabuhay Siya bilang ang Salita. Pagkatapos, nagsuot Siya ng isang anyo para sa sarili Niya nang dumating ang itinakdang oras.

Ano ngayon ang tiyak na anyo ng Diyos sa simula? Ang Diyos ay nabuhay na isang magandang liwanag at malinaw na tunog. Pinamahalaan Niya ang kabuuan ng orihinal na sansinukob sa anyong liwanag na mayroong tunog. Gaya ng sinasabi sa 1 Juan 1:5, "...ang Diyos ay Liwanag..." Pinalibutan Niya ang buong orihinal na sansinukob ng liwanag na mayroong tunog na siyang salita ng Diyos. Noong panahong iyon, wala Siyang kahit na anong pangalan o kahit na anong kawangis.

### 2. Tinanggap ng Diyos na Siyang Pinagmulan ang Planong Pangangalaga sa Tao

Sa isang tiyak na panahon, tinanggap ng Diyos na nabuhay bilang liwanag at tunog, ang konsepto ng pangangalaga sa tao. Ang maikling paliwanag ng pangangalaga sa tao ay ganito: Lumikha ang Diyos ng mga tao at pinayagan silang magparami sa Lupa. Gusto Niyang mamuno sa mga tumutulad sa Kanya at lumalapit bilang tunay na mga anak Niya sa marilag na Langit kung saan mamumuhay Siya ng masayang buhay na kasama sila, magmamahalan magpakailan man.

Mayroong iisang orihinal na kalawakan, subalit hinati-hati muna ito ng Diyos para sa Pangangalaga sa Tao. Pagkatapos hatiin ang kalawakan, may isang napakahalagang pangyayaring naganap. Sa simula, ang Diyos na Siyang Pinagmulan ay nabuhay nang nag-iisa. Subalit sa puntong iyon nabuhay Siya bilang Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo. Ito ay parang ipinanganak ng Diyos Ama ang Diyos Anak at Diyos Espiritu Santo.

Sinasabi sa Biblia na si Jesus ay Anak ng Diyos o ang bugtong na Anak ng Diyos. Mababasa sa Sa Mga Hebreo 5:5, "...Ikaw ay aking Anak, Ako ngayon ay naging Ama Mo." Ang Diyos Anak at ang Diyos Espiritu Santo ay nanggaling sa Diyos na Siyang Pinagmulan, kaya ang puso at kapangyarihan ay nag-iisa. (Filipos 2:6-7).

### 3. Ang Anyo ng Diyos na may Tatlong Persona

Ang Diyos na Siyang Pinagmulan ay nabuhay na isang buong liwanag na may tunog. Pagkatapos, hinati Niya ang Kanyang sarili sa tatlong liwanag at nabuhay bilang Diyos na may Tatlong Persona. At nagkaroon ng anyo.

Mauunawain natin kung anong naging anyo Niya sa pagbabasa ng mga gawa Niya sa Paglikha. Sinasabi sa Genesis 1:26, "Sinabi ng Diyos, 'Lalangin Natin ang tao sa Ating larawan, ayon sa Ating wangis; at magkaroon sila ng pamamahala sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, sa mga hayop, sa buong lupa, at sa bawat gumagapang sa ibabaw ng lupa.'"

Ang 'Natin' (o Tayo) dito ay ang Diyos Ama, Diyos Anak, at ang Diyos Espiritu Santo. Ayon sa talata, malalaman natin na ang tao ay nilalang ayon sa larawan ng Diyos na may Tatlong Persona. Hindi ito nangangahulugang ang tao ay nilalang sa larawan ng Diyos sa panlabas lang, subalit ang orihinal na puso ng tao ay katulad din ng sa Diyos, at nilikha Niya ang tao bilang espirituwal na nilalang na puno ng katotohanan.

### 4. Nilikha ng Diyos ang Tao Upang Magkaroon ng Tunay na mga Anak

Ang Diyos na may Tatlong Persona ay nagkaroon ng anyo at isa-isang nilikha ang mga bagay na kinakailangan sa planong pangangalaga sa tao. Halimbawa, nang nabuhay Siya sa anyong liwanag at tunog, hindi Niya kailangan ng lugar na matitirhan. Ngunit pagkatapos magkaroon ng anyo, nangailangan Siya ng mga lugar na matitirhan at kinailangan Niya ng mga espirituwal na nilalang tulad ng hukbong makalangit at mga anghel na maglilingkod sa Kanya. Kaya lumikha muna Siya ng espirituwal na mga nilalang sa espirituwal na kalawakan. Pagkalipas ng matagal na panahon, nilalang Niya ang lahat ng bagay sa lugar kung saan tayo naninirahan ngayon.

Hindi kaagad nilikha ng Diyos ang Lupa at ang kalawakan kung saan tayo naroroon pagkatapos Niyang likhain ang mga espirituwal na nilalang. Napakatagal pang nabuhay ng Diyos na may Tatlong Persona kasama ng hukbong makalangit at mga anghel sa espirituwal na kalawakan. At sa wakas, nilalang Niya ang lahat ng bagay sa kalawakang makalaman.

Kung ganoon, bakit pa kaya nilikha ng Diyos ang tao kahit na mayroon na Siyang hindi mabilang na mga hukbong makalangit at mga anghel? Dahil gusto Niyang magkaroon ng mga tunay na anak. Tinutukoy ng 'tunay na anak' ang mga nilalang na kusang magmamahal sa Diyos, tutulad sa Kanya, at makikisalo sa Kanya sa karanasan ng tunay na pag-ibig.

Maliban sa ilang hukbong makalangit at mga anghel, halos lahat sa kanila ay sumusunod sa salita ng Diyos ng walang pasubali at naglilingkod sa Kanya na parang robot. Samantalang ang mga tao ay susunod at magmamahal sa Diyos kung gusto nila. Ibig sabihin nito, mayroong plano ang Diyos sa pangangalaga sa tao kaya nilikha Niya ang unang taong si Adan, para magkaroon ng tunay na mga anak na maaaring umibig sa Kanya sa kaibuturan ng kanilang puso.

### 5. Ang Pinagmulan ng Tao

Mababasa sa Genesis 2:7, "At nilalang ng PANGINOONG Diyos ang tao mula sa alabok ng lupa, at hiningahan ang mga butas ng kanyang ilong ng hininga ng buhay; at ang tao ay naging buhay na kaluluwa." Ibang-iba ang mga tao kumpara sa iniisip ng mga tagasunod ni Darwin o mga naniniwala sa teorya ng ebolusyon. Hindi tayo nagmula sa hayop. Tayo ay nilikha bilang mga espirituwal na nilalang na ayon sa larawan ng Diyos mula pa sa simula ng panahon.

Nilikha ng Diyos ang tao mula sa alabok sa lupa ayon sa Kanyang larawan at hiningahan ang butas ng kanyang ilong ng hininga ng buhay. Ang espiritu at katawan ng tao ay nagmula sa Diyos na Siyang Pinagmulan. Ang mga tao ay espirituwal na nilalang na mula sa langit at mayroong espiritu.

Baka iniisip ninyo na ang tatay ninyo sa laman ay ang totoong ama ninyo, 'Siya ang ama ko at ipinanganak ako sa pamamagitan niya.' Ngunit kung tutuklasin ninyo ang inyong pinagmulan, matatagpuan ninyo ang unang taong si Adan, at makikita din ninyo na ang Diyos ang lumalang kay Adan. Samakatwid, ang Diyos ang tunay na Ama natin na lumalang sa tao.

### 6. Ang Binhi ng Buhay na Ibinigay ng Diyos at ang Paglilihi

Ibinigay ng Diyos na Manlilikha ang 'sperm' sa lalaki at 'egg' sa babae. Ang mga ito ang binhi ng buhay. Sa kapangyarihan ng Diyos kasama sa mga ito ang lahat ng bagay na kakailanganin para maging mga bahagi at himaymay ng tao. Napakaliit ng mga ito para makita ng tao, subalit nasa binhi ang anyo, ugali, personalidad, at katangian ng mga magulang. Kaya kung may ipinanganak na sanggol, hindi lang niya kahawig ang anyo ng mga magulang, kundi pati ang personalidad nila.

Hindi kaya ng tao na maglihi o magbuntis sa pamamagitan ng sariling lakas, pero puwede silang magkaroon ng sanggol at manganak dahil ibinigay sa kanila ng Diyos ang pinagmulan, ang binhi ng buhay.

Ang paglilihi o pagbubuntis ay sa Diyos na Manlilikha. Sa panahon ngayon, mayroon nang 'artificial insemination' o pagbubuntis ng babae gamit ang ibang pamamaraan, subalit hindi ito makakalikha ng binhi ng buhay, ang sperm at egg. Kahit na sa pinakasukdulang pagsulong ng medisina, ang paglikha ng binhi ng buhay ay nasa kapangyarihan lang ng Diyos.


Mahal kong mga kapatid,

Hinihimok ko kayong tuklasin ang kapangyarihan at kabanalan ng Diyos na Manlilikha sa pamamagitan ng pagmamasid sa mga bagay sa paligid ninyo na ginawa Niya na nakatala sa Mga Taga-Roma 1:20. At umaasa akong mababatid ninyo ang pinagmulan ng Diyos na may Tatlong Persona at ang pinagmulan ninyo. Sa pamamagitan nito, idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na tatanggapin ninyo ang mga sagot sa anumang inyong maaaring itanong.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

| Manila Manmin Holiness Church | Bataan Manmin Holiness Church | Isabela Manmin Holiness Church | Cavite Manmin Holiness Church | Imus Manmin Holiness Church | Cebu Manmin Holiness Church | Davao Manmin Holiness Church |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Philippines<br>Pastor Peter Bae<br>Pastor Lucy Lee<br>2-735-1423 | 067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Philippines<br>Pastor Peter Bae<br>Pastor Lucy Lee<br>0910-262-5465 | Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Philippines<br>Pastor Peter Bae<br>Pastor Lucy Lee<br>0905-649-1120 | 5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines<br>Pastor Sharon Cho<br>046-850-3193 /<br>0916-674-3903 /<br>0905-319-8191 | Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Philippines<br>Pastor Jubeom Kim<br>0927-311-7633 | LOT N. 402 - B-4<br>Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Philippines<br>Pastor Rossetta Sung<br>0921-635-7595 | 301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Philippines<br>Pastor Kathryn Kim<br>0908-635-2714 |





# Iwaksi ang Laman at Mapuspos ang Espiritu

Gusto ng Diyos na iwaksi ng mga anak Niya ang laman at mapuspos ang espiritu nila sa lalong madaling panahon. Kapag napuspos ang espiritu nila, mas magiging malinaw ang pakikipag-usap nila sa Diyos, magigiba ang mga gawa ng kaaway na diyablong si Satanas, magkakaroon ng masaganang bunga, at maninirahan sa dakilang luwalhati ng Langit. Ang tinutukoy ng 'iwaksi ang laman at mapuspos ang espiritu' ay ang proseso ng pagwaksi ng kasalanan at kasamaan na nagpaparumi sa puso dahil sa kasinungalingan, at ang pagbawi ng marilag na puso ng kabutihan na katulad ng puso ng Panginoon.

### Mga Salitang Ginagamit sa Biblia

Sa Biblia, ang laman ay tumutukoy sa lahat ng bagay na namamatay, naglalaho, at nagbabago at sa lahat ng bagay na mabaho, madungis, at madumi. Hindi lang mga bagay na nakikita ang kasama dito, kundi pati ang mga hindi lantad tulad ng kasinungalingan, kasalanan, kasamaan, at kawalan ng katarungan.

Sa kabaliktaran, tinutukoy ng 'espiritu' ang mga bagay na hindi namamatay, hindi nagbabago, at pang-walang hanggan. Kasama rin dito ang mga bagay na malinis, perpekto, at totoo.

## UNA SA LAHAT, dapat mayroon kayong pagpupunyagi o pagsisikap na matamo ang espiritu

Kapag bakasyon, madalas gumawa ang mga estudyante ng resolusyon o pagpapasiya na mag-aaral ng mabuti para makakuha ng mas matataas na marka sa susunod na taon. Magkagayun man, ang resolusyon o pagpapasiya ay hindi sapat para makakuha ng matataas na marka. Dapat kayong magkaroon ng tamang pagkilos para matupad ito.

Ganito rin sa buhay Cristiano. Sabihin nating may isang taong mahilig sa mga makalaman at makamundong bagay, subalit nagbago siya at ngayon ay mayroon nang determinasyong matamo ang mga espirituwal na bagay. Kailangan niyang magkaroon ng mga tiyak na plano at isipin din niya at paniwalaan na magagawa niya ang lahat ng kaya niyang gawin.

Para magkaroon ng mas matataas na marka, iwasan at layuan dapat ng mga estudyante ang mga bagay na nakakagulo o nakakaistorbo sa kanila. Para magawa ito, kailangang tiyakin ng estudyante na nauunawaan niya ang mga nakakagulo o nakakaistorbo sa kanya sa proseso ng pagiging puspos ng espiritu. Kung ang mga laro o drama sa TV ay nakakagulo sa kanya at nagiging sanhi ng pagpapabaya niya sa buhay Cristiano niya, kailangan niyang lumayo sa mga ito. Kailangan niyang magpigil o umiwas sa pagsunod sa kalakaran ng mundo para lang makuha ang mga bagay na inaasam niya. Kung mayroong bagay na pipigil sa paglago ng pananampalataya niya, ang mga gusto niyang gawin o kahit ang mga gusto niyang kainin ay dapat iwasan.

Dapat ay huwag maging kampante dahil iniisip na hindi ito kasalanan o napakaliit lang naman nito. Isapuso niya ang resolusyon sa bawat sandali para mapuspos ang espiritu at magtakda ng layunin. Nasulat sa Efeso 4:22, "...alisin ninyo ang dating paraan ng inyong pamumuhay, ang dating pagkatao na nagiging masama dahil sa madayang pagnanasa."

## PANGALAWA, kailangang punuin mo ang sarili ng mga espirituwal na bagay

Para hindi magkaroon ng makalaman na puso, pagsikapan nating punuin ang sarili ng mga espirituwal na bagay sa lahat ng oras. Hindi sapat na isipin lang na 'Hindi ko ito gagawin. Hindi ako manonood nito.' Sikapin nating mag-isip at magsalita base sa katotohanan, punuin ang puso ng mga dalangin, papuri at ng salita ng Diyos. Nang sa ganoon, ang mga kasinungalingan ay maaalis kaagad sa inyong puso.

Kung ang galit, paninirang puri, pangangalunya, pagsisinungaling, at pagkamagagalitin ay naiwaksi na, puwede pa itong bumalik sa puso mo kung hindi ito puno ng katotohanan. Kaya kailangan mong maging masigasig sa pagpuno sa puso mo ng mga espirituwal na bagay tulad ng kabutihan, pag-ibig, kapayapaan, at paglilingkod.

Magagawa ito kung ipapamuhay ang salita ng Diyos at sa ganoon ay masaganang magbubunga ang espiritu.

Tiyak na tutulungan tayo ng Banal na Espiritu kung taimtim tayong mananalangin at magsisikap. Mas madaling maisasabuhay ang katotohanan kung pupunuin ang puso natin ng mga espirituwal na bagay sa tulong ng Banal na Espiritu. Hindi tayo pinipilit na isabuhay ang katotohanan, pero maaari nating gawin ito nang may galak.

Sa paraang ito, napakamahalaga na magpursigi at kumilos ayon sa salita. Kailangan din natin ang pusong hindi sumusuko hanggang mapuspos tayo ng espiritu at maging espirituwal. Mapapangalagaan natin ang puso natin sa pagiging espirituwal kung hindi tayo panghihinaan ng loob sa mabagal na pagbabago natin at deterninadong magsisikap para makamit ang layunin.

## PANGHULI, huwag nating kalimutan ang pagpapala ng Diyos na tinanggap natin

May salawikain ang mga Intsik: 'Nakatatak sa mga buto ng tao ang pagpapalang tinanggap niya.' Ang ibig sabihin nito ay huwag kalimutan at magpasalamat sa pagpapalang tinanggap natin. Ang mga may mabubuting puso ay hindi makakalimot sa pagpapalang tinanggap. Nakatatak iyon sa isip nila at gusto nilang ibalik ito.

May isang kapatid na gumaling sa supraventricular tachycardia o napakabilis na pagtibok ng puso, isang hindi pangkaraniwang sakit. Tinatamasa na niya ang mabuting kalusugan sa pagpapala ng Diyos. Pinagsikapan niyang ibalik ang pagpapalang ito simula pa sa pagkabata niya. Lumayo siya sa mga kasalanang kinapopootan ng Diyos, at nagpursigi na magkaroon ng mabuting puso at espiritu na kinalulugdan ng Diyos. Hindi niya tinanggap ang mga alok na may kinalaman sa pagpapatakbo ng mga ahensiya ng aliwan dahil pinapahalagahan niya nang higit sa ano pa man ang mga trabahong mula sa Diyos.

Lahat ng mga anak ng Diyos ay tumanggap na ng biyaya kahit hindi pinagaling mula sa karamdaman. Patungo na sila sa impiyerno, pero tumanggap ng kapatawaran at naging tagapagmana ng kaharian sa langit. Kamangha-manghang pagpapala ito! Ang mga nakakabatid ng ganitong pagpapala ay puno ng pag-asa sa Langit, kagalakan, at pagpapasalamat sa lahat ng oras.

Si apostol Pablo ay tapat na naglingkod hanggang sa kamatayan at nagdala ng maraming kaluluwa sa daan patungo sa kaligtasan, subalit hindi niya sinabi o ni inisip ang ganito: 'Marami na akong nagawa. Tama na iyon. Dahil marami na akong naging bunga, magpapahinga muna ako.'

Maraming beses siyang hinagupit at ikinulong. Subalit ang kapakanan lang ng kaharian ng Diyos ang inisip niya at patuloy niyang inisip ang mga paraan kung paano niya mababayaran ang pagpapala ng Panginoon. Nang siya ay maging martir, nagpasalamat siya sa Diyos lamang na tumawag sa kanya, kahit siya ang 'pinakamasamang makasalanan'. Tinawag siyang apostol ng mga Hentil at niluwalhati siya ng Diyos sa pagiging martir.

Umaapaw ba ang pagpapasalamat sa puso ninyo? Kung matatanto natin ang pag-ibig ng Diyos na nangangalaga sa puso natin patungo sa espiritu at gumagabay sa atin sa pinakamagandang lugar na tirahan, magagawa nating iwaksi ang kasamaan sa kaibuturan ng puso natin at magiging tapat na lingkod sa buong buhay natin. Umaasa akong mabilis ninyong pangangalagaan ang mga puso ninyo at magiging espirituwal at puspos ng espiritu na siyang kinalulugdan ng Diyos.